



PANALANGIN NG

Pagkakasundo

BATAY SA

2 Corinto 5:16-21

Kaya ngayon, ang pagtingin namin sa bawat tao ay hindi na batay sa sukatan ng tao. Noong una'y ganoon ang aming pagkakilala kay Cristo, ngunit ngayo'y hindi na. Kaya't kung nakipag-isa na kay Cristo ang isang tao, isa na siyang bagong nilalang. Wala na ang dati niyang pagkatao, sa halip, ito'y napalitan na ng bago. Ang Diyos ang gumawa ng lahat ng ito. Sa pamamagitan ni Cristo, ibinilang niya kaming mga kaibigan at hindi na kaaway, at pinagkatiwalaan niya kami upang maglingkod nang sa gayon ang mga tao ay maging kaibigan rin niya. Ang ibig sabihin, sa pamamagitan ni Cristo, ang mga tao'y ibinilang ng Diyos na kaibigan, at hindi na niya tinatandaan ang kanilang mga kasalanan. At kami naman ay inatasan niyang ipamalita ito.

Kaya nga, kami'y mga sugo ni Cristo; ang Diyos mismo ang nakikiusap sa inyo sa pamamagitan namin. Kami'y nakikiusap sa inyo alang-alang kay Cristo: makipagkasundo kayo sa Diyos. Hindi nagkasala si Cristo, ngunit alang-alang sa atin, siya'y itinuring na makasalanan upang sa pakikipag-isa natin sa kanya ay maging matuwid tayo sa harap ng Diyos.



Clifton Howard
*Assistant
to the Bishop
Central Texas
Conference
Fort Worth, TX, USA*

Panginoong Diyos, madalas na iniisip namin na ang aming ginagawa at kung sino kami ay tungkol sa aming tagumpay, aming karunungan, aming katayuan, aming posisyon.

Kinukumbinsi namin ang aming sarili na kami ay mabuti at ang iba ay masama,

na kami ay tama at lahat ng iba ay mali,

na sa bawat katanungan ay mayroon kaming kasagutan,

na kapag nagkagulo palaging iba ang may kasalanan—may ibang dapat sisihin.

Kapag ganito kami mag-isip at umasal, natatagpuan namin ang aming mga sariling lumalayo sa Iyo at nahihwalay sa iba, kadalasan ay ang syang dahilan upang kami ay maglingkod. Kapag ganito ang aming pag-uugali, Panginoon, wala kaming silbi sa Iyo.

Napakadali para sa amin na kalimutan na ang Iyong biyaya ang nakakahanap sa amin at nagliligtas sa amin at nagpapanatili sa amin at na sa pamamagitan ng Iyong biyaya, binibigyan kami ng kapangyarihan ng Espiritu ni Kristo na maglingkod bilang kanyang mga disipulo.

Patawarin Mo ang aming kahangalan sa pagpipilit sa aming mga hangarin sa halip ng sa Iyo. Patawarin Mo kami kapag higit kaming umaasa sa aming sarili kaysa sa Iyong biyaya. Patawarin Mo kami sa pagpiling makita ang iba gamit ang mga mata ng paghatol, pamantayan at pagtatasa ng tao. At turuan Mo kami, sa pamamagitan ng Iyong Espiritu, na laging makita ang bawat taong nakakaharap namin at ang lahat ng mga taong ka-relasyon namin gamit ang mga mata ni Kristong Panginoon.

Ipagkaloob Mo ito, aming dalangin, upang maitakda namin ang aming mga sarili sa kalakalan at kagalakan ng pagkakasundo sa pangalan ni Hesus na Kristo. Amen.



**Racial Justice
Prayer Contributor**

**Bishop Unda
Yemba Gabriel**
*East Congo Episcopal
Area UMC*
*Democratic Republic
of Congo*

Panalangin para sa pakikipagkasundo sa Diyos at para sa pagbabago kay Kristo habang sinusunod natin ang pamumuno ni Hesus sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu:

O Panginoon naming Diyos, nilikha Mo kami sa Iyong wangis at ibinigay Mo sa amin ang Iyong anak na si Hesukristo.

O Kristo na aming tagapagligtas, sa pamamagitan ng Iyong krus, ipagkasundo kami sa kabila ng mga hadlang na naghahati sa mga lalaki at babae, bata at matanda, mga taong may iba't-ibang kulay, panlipunan, pang-ekonomiya at politikal na paghahati.

Banal na Espiritu, baguhin ang aming mga puso at akayin kami sa landas ng tunay na pagsisisi at pagkakasundo.

Ngayon kami ay nananalangin, O Panginoon naming Diyos, upang makipagkasundo sa Iyo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Gawin Mo kaming bagong nilikha at tulungan kaming mamuhay kay Kristo at para kay Kristo lamang. Patawarin Mo ang aming mga kasalanan, at sa pamamagitan ng Iyong dakilang awa at biyaya, magdulot ng kagalingan sa mga nasirang relasyon at pagkakabaha-bahagi sa mga tao mula sa bawat bansa, tribo, at wika. Amen!

(Ang panalangin ay isinumite din sa Pranses)



Sally Voelkert
*retiradong tagapayo
sa elementarya
at miyembro ng
Mount Vernon UMC sa
Trinity, N.C.*

Kalugod-lugod na Hesus,

Hayaang maghari ang Iyong pag-ibig...

Hayaan akong magkaroon ng mga mata upang makakita,
Panginoon, at mga tainga upang makarinig.

Hayaan akong magkaroon ng mga mata upang makita ang
lahat sa Iyong magagandang nilikha para sa kung sino mismo
ang nilikha Mo sa kanila at upang ideklara silang maganda!

Hayaan akong maghanap ng mga paraan upang ipagdiwang
ang aming pagiging natatangi at hindi ito gamitin upang
magpababa o magpahamak.

Hayaan akong magkaroon ng mga taingang tunay na
makakarinig at gumagalang sa sakit at pakikibaka ng aming
mga kapatid sa buong mundo.

Hayaan akong maging Iyong mga tainga, Iyong boses
at Iyong mga kamay dahil nais kong maging bahagi ng
pagbabagong tumutulong sa aming lahat na sumulong mula
sa mga maling nagawa namin sa isa't-isa.

Hayaan akong sagutin ang pahiwatig ng Banal na Espiritu na
sabihin ang Iyong katotohanan at gumawa ng pagbabago
saanman ako naroroon.

Hayaang maghari ang Iyong pag-ibig.



Si Rev. Shelby Lewis
(siya) ay ordained minister sa Christian Church (Disciples of Christ) at nagtapos sa Vanderbilt Divinity School sa Nashville, Tenn.

Siya ay nagbibigay ng mga independiyenteng serbisyo sa pagkonsulta sa mga simbahang nagpapaunlad ng mga ministeryo sa mga taong may kapansanan at naniniwala na ang lakas ng anumang komunidad ay nakasalalay sa pagtutulungan nito sa halip na mga hierarchy.

O Diyos, sa aming pagmartsa para sa katarungan, kami ay pagod pa rin, tinutukso ng sirenang awit ng kasiyahang nangangako ng pahinga ngunit naghahatid ng kamatayan.

Bagama't nananalangin kami para sa nararapat na katarungan, umiinom pa rin kami ng nakalalason ngunit pamilyar na tubig ng paghahari ng puti.

Oh Panginoon, paalalahanan Mo kami sa aming pinagsaluhang sangkatauhan sa parehong pagdurusa at kagalakan. Turuan kaming huwag magbuhos ng bagong alak sa mga lumang sisidlang balat, bagkus ay bumuo ng bagong mundong walang pagdanak ng dugo ng pang-aapi.

O Espiritu ng mga pagkilos noon at kasalukuyan, tulungan kaming alamin kung kailan dapat makinig at kung kailan dapat magsalita, kung kailan dapat huminto at kung kailan dapat magpatuloy, at higit sa lahat ay panatilihin kaming ipagpatuloy kahit na—at lalo na—kami ay tinutukso ng kasiyahan. Habang binubuwag namin ang mga mapang-aping pundasyon, hayaan kaming magtayo rin ng panibago. Ang mga nakamamatay na sistema ay walang huling salita kapag inilagay namin ang aming tiwala sa Iyo.



Reymond Dungao
*Pastor –
Chaplain at SPMCI
Philippines*

Mapagmahal at Mahabaging Diyos, nagpapasalamat kami na sa kabila ng mga pangyayari o kaganapan sa aming buhay at sa pamayanan, kami ay nagsusumamong pagkalooban Mo kami ng katatagan dahil sa mga ito kami ay pinapatatag Mo.

Sa kabila ng mga ito kami ay nagsusumamong palakasin Mo ang bawat isa lalo na sa panahong ito. Idinadalangin kong pagkasunduin Mo ang bawat lahi na kung saan 'di hadlang ang kinagisnan, lahi, oryentasyon para pagkasunduin kami.

Salamat sapagkat sa kabila ng lahat... Patuloy Mo kaming pinapahalagahan, patuloy Mong ibinubuhos ang iba't – ibang pagpapala sa amin na nagagamit namin para sa aming patuloy na paggampan sa aming tungkulin lyong mga minamahal mga na anak. Patuloy Mo kaming ginawang katiwala kong ano mayron kami sa sandaling ito.

Kung kaya nararapat lamang na Ikaw ay aming papurihan, salamat sapagkat pinagkasundo Mo kami at pinag – ugnay para mas lalo pa naming maipadama ang wagas na pagkalinga sa bawat isa.

Sa ngalan ng Diyos na Manlilikha, ni Hesus-Kristong aming kaibigan at tagapagligtas at ng Diwang Banal na Siyang aming kasama sa paglalakbay at gabay. Siya Nawa.



VJ Cruz-Báez
Pastor at La Plaza UMC
Los Angeles, California

(Isinumite din sa Espanyol)

***Panginoon ng Kapayapaan,
Ikaw na patuloy na nag-aanyaya
sa akin na pumasok sa
panibagong buhay na iyon,
Lumapit ako sa Iyong kinikilala
na Ikaw ay malakas sa akin
kapag ako'y mahina.***

Lumapit ako sa Iyo na may nagkakasalungat na espiritu, nalilito sa mga lumang parisan, kaugalian at tradisyon, mga paraan upang makita ang buhay na nakatanim sa akin na madalas kong tila nakakalimutan na ang kapayapaan at kabaguhang iyon kung saan ako tinatawag sa pamamagitan Mo.

Ngayon, nais ko ang kapayapaang iyon. Ngayon nais kong makipagkasundo sa aking mga kapatid, yaong malapit sa akin, at yaong nasa malayo.

Yaong magkapareho ang iniisip, at yaong hindi.

Ngayon nais kong makita ang presensya Mong totoo kapag nakikita ko ang aking kapwa tao sa malawak na pagkakaiba-iba ng Iyong kahanga-hangang Nilikha.

Ngayon, sa ilalim ng Iyong Espiritu, nais kong mabuo sa aking panloob na pagkatao, upang talagang maging kapwa tagalikha ng mga landas para sa pagkakasundo, mga paraang nakakatulong sa pagbuo ng kaharian ng Iyong pamilya dito at ngayon. Ngayon, nais kong makita ang puwang na iyon sa pagitan naming magkakapatid na mapuno ng Iyong pagmamahal.

At pagkatapos, kapag tumugon ako nang may pagmamataas, pagtatangi at takot, tingnan Mo ako sa aking kahinaan at pagalingin ako!

Tulad ng salmista, nagsusumamo ako, linisin Mo ako o Panginoon!

Ibalik sa akin ang kagalakan ng Iyong pagliligtas!

Ibalik sa akin ang Iyong Espiritu!

At, habang nangangako ako sa gawaing ito, alalayan Mo ako!

Itaas Mo ako bilang embahador ng pagkakasundo.

At, sa pagsisimula ko sa sagradong gawaing ito,

habang nagtatanim ng mga binhi ng Iyong kaharian ng pag-ibig;

matupad nawa ang Iyong kalooban.

Nawa'y gabayan ako ng Iyong Karunungan,

at ang potensyal ng mga binhing iyon

ay baguhin ako at ang

mundo sa aking paligid

upang matupad namin ang kung saan Mo kami nilikha.

Ang bunga ng nakapagpapagaling na balsamo ng Iyong Espiritu

ay ibabalik kami sa Iyong imahe

at gagawing kami, ang marami na may magkakaibang mga regalo, na isa sa Iyo.

Narito ako, aking Guro at Panginoon!

Na may bukas na puso at sumuko sa Iyong pag-ibig.

Nagtitiwala sa Iyong biyaya at kinikilala ang kasalanang nasa akin,

Sinasadya kong makipagkasundo sa aking mga kapatid at sa aking sarili,

na nalalamang sa paggawa nito,

Ako rin ay nakikipagkasundo sa Iyo, Tagapagbigay ng Buhay.

Narito ako,

nang buong diwang nagnanais akong maging ganap sa Iyong pag-ibig!

Sa Iyong biyaya at awa, dinggin, O Panginoon, ang aking panalangin!



Rev. Debra Mason
*Diversity Development
and Inclusion
Coordinator*
*Western Pennsylvania
Conference*

Aming mahal at kahanga-hangang Tagapagligtas,

Lumalapit kami sa Iyo nang may mapagpakumbabang puso at isipan; dahil Panginoon -- kilala Mo kami at kung ano ang aming pinagdadaanan, ngayon, at palagi. Ikaw na aming Tagapagligtas ay nabuhay sa mundong ito bilang tao sa loob ng 33 taon at bilang aming makapangyarihang Diyos ay nakita ang lahat ng mga kalupitan, kawalang-katarungan at masasamang gawa ng sangkatauhan sa buong panahon.

Kaya ngayon ay maaari kaming lumapit sa Iyo nang may kumpiyansa dahil nariyan ka sa amin, at kilala Mo kami. Panginoon, naroon ka noong ang mga lalaki, babae at mga bata ng Africa ay ikinadena at dinala sa bansang ito.

Nandoon ka noong itinapon ang mga kulay itim na katawan sa dagat dahil ang kargada ay masyadong mabigat para sa bangka.

Nandoon ka noong ibinenta ang mga kulay itim na pamilya sa pagkaalipin; mga pamilyang pinaghiwalay upang kumita ng mas maraming pera.

Ngunit kami ay nakaligtas. Sa tulong Mo Diyos, kami ay nakaligtas. O Panginoon sa simula pa lamang ng panahon karamihan ay hindi nakiking, at karamihan ay hindi pinapansin ang Iyong panawagan kaya't ipinadala Mo Panginoon ang Iyong bugtong na Anak sa krus bilang sakripisyong tupa upang ipagkasundo kaming lahat sa Iyo.

Ang ministryong Iyon ng pagkakasundo ay pag-aari naming lahat ngayon. Kaya, anuman ang aming ginawa, anuman ang aming sinabi, may puwang sa krus para sa aming lahat, ang dating alipin, at ang dating may-ari ng alipin; na sumali sa pagkakaisa bilang angkan ng Diyos at mga embahador ng salita at mensahe.

Sa dakilang pangalan ni Hesus kami ay nananalangin, AMEN.